Ika-22 ng Agosto, 2023

**DIR. FELIX S. MIRASOL, CESO IV**
OIC Panrehiyong Tagapamahala - MIMAROPA
Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman
3rd flr., 1515 DENR by the Bay Bldg., Roxas Boulevard, Brgy. 668
Ermita, Manila

Dir. Mirasol:

Magandang araw!

Ang Pamahalaang Lalawigan ng Occidental Mindoro ay kasalukuyang nag-sasaayos ng kanilang Komite sa Paggamit ng Lupa at Tubig ng Lalawigan batay sa inilabas na Memorandum Circular No. 2021-005 ng Kagawaran ng Pananahanang Pantao at Pagpapaunlad ng Kalunsuran, na nagtatakda ng mga nabagong proseso sa pagsusuri at pag-apruba ng mga komprehensibong plano sa paggamit ng lupa at mga ordinansa sa *zoning*.

Bilang isa sa mga inirerekomendang miyembro ng komite, nais naming hilingin sa inyong departamento na magbigay ng **(1) permanenteng kinatawan** at **(1) miyembro ng *technical working group***, na inaasahang maipasa hindi lalampas sa Setyembre 1, 2023 sa adres sulatronikong nakalista sa ibaba. Mangyaring ipadala ang sumusunod na impormasyon sa amin:

1. Buong Pangalan ng Kinatawan;
2. Posisyon;
3. Numero ng telepono; at
4. Adres sulatroniko.

Kung may mga katanungan ukol sa kahilingang ito, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan ka Bb. Joanna Mae Q. Tiuzen ng Panlalawigang Tanggapan ng Pagpaplano at Kaunlaran sa 0917 890 0996 o sa pamamagitan ng adres sulatroniko na ppdo_occmin@yahoo.com.

Maraming salamat.

Lubos na sumasainyo,

**EDUARDO B. GADIANO**
Punong Lalawigan